# ANG SANDATANG PINAKATATAKUTAN NI SATANAS

*A Lord's Flock General Assembly Topic*

Ni: Sis. Techie M. Rodriguez

Hulyo 14, 2023

Si Satanas ay napakatuso. Ginagamit niya ang lahat ng makabagong taktika sa ating espirituwal na pakikipaglaban sa kanya. Itinatago ng modernong teknolohiya ang ilan sa masasamang sandata ni Satanas (*social media, tabloid, vlog*, atbp). Ang kanyang mga nakapipinsalang mga pakana at mga kagamitan ay tila inosente. Huwag tayong magpalinlang sa mga sandatang ito na ginagamit niya sa atin. Layunin ni Satanas na sirain ang ating pananalig sa Diyos at sirain at alipinin ang ating kaluluwa. Bilang mga Kristiyano, kailangan nating maging maingat, at hindi magpabaya. Binigyan tayo ng Panginoon ng maraming sandata para manalo laban sa mga paraan ni Satanas. Dapat tayong magkaroon ng mas malalim na relasyon sa Diyos, palakasin ang ating pananampalataya upang malaman ang dapat nating gawin upang talunin ang kaaway.

**1. Mayroon tayong tatlong (3) kalaban:**

**1.1. Ang Mundo (1 Juan 2:15)**

"Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan o ang anumang bagay ng sanlibutan. Kung iniibig ninyo ang sanlibutan, hindi ninyo iniibig ang Ama."

**1.2 Ang Katawang-tao (Gal. 5:16-17)**

Itinuro sa atin ni San Pablo na lumakad sa Espiritu, sa gayon ay nauunawaan ang Kanyang patnubay at kaliwanagan; hindi tayo dapat sumuko sa makasalanang paraan.

**1.3 Ang Diyablo – (2 Cor. 2:11); (2 Cor. 4:4 )**

Si Satanas ay isang espiritwal na puwersa, wala siyang anyo ng katawan ngunit maaari siyang maipakita.

**2.Ano ang espirituwal na pakikidigma (Daniel 10)**.

Ito ang labanan sa pagitan nina Anghel Gabriel at ang prinsipe ng kasamaan. Natalo si Anghel Gabriel kaya sumaklolo si Anghel Michael Archangel para labanan si Satanas at nanalo siya. Ang bawat isa ay may nakatalagang anghel; gayundin, may nakatalagang demonyo sa bawat isa sa atin.

**3. Mga sandatang ipinagkaloob ng Diyos upang labanan ang mga espirituwal na labanan:**

**3.1.Pananampalataya** – "Walang makapagpasaya sa Diyos kung walang pananampalataya sapagkat ang sinumang lalapit sa Diyos ay dapat magkaroon ng pananampalatayang may Diyos" (Heb. 11).

Mayroong 5 antas ng pananampalataya:

a. Walang pananampalataya (Marcos 4:40)

b. Mayroong maliit na pananampalataya (Mt.8:26)

c. May mahinang pananalig (Roma 4:19)

d. May matibay na pananampalataya (Roma 4:20)

e. May dakilang pananampalataya (Mateo 8:10)

**Ang pananampalataya ay makapangyarihan:**

a. Nagtatag ito ng mga simbahan (Gawa 16:5).

b.May isang sambahayan ng pananalig (Gal. 6:10)

c. May pagtitiwala ang pananalig (Eph. 3:12).

d. May isang Panginoon, isang Pananampalataya, isang Bautismo (Efeso.4:5)

e. Gumaling ang may paralisis sa pamamagitan ng pananalig (Mat. 9:2)

f. Ang pagdurugo ay pinagaling sa pamamagitan ng pananampalataya (Mat. 9:23).

**3.2 Ang panalangin** ay pakikipag-usap sa Diyos. Dapat nating ipagdasal ang isa't isa.

**3.3 Papuri**. Ang Diyos ay naninirahan sa mga papuri ng Kanyang bayan (2 Cron.20; Ezek. 28:13).

**3.4 Salita ng Diyos:** "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang namumutawi sa bibig ng Diyos" (Mat.4:4).

**3.5 Ang pagsunod** ang pinakamakapangyarihang sandata;pananalig ito na may gawa (Santiago 2:26).

**Konklusyon:**

Ang pagsunod sa mga utos ng Panginoon ang susi sa kontra-atake kay Satanas. Ito ang pinakamalakas nating sandata. Kapag tayo ay sumusunod, masagana tayong pagpapalain ng Diyos sa bawat aspeto ng ating buhay. Ito ang dahilan kung bakit suklam na suklam si Satanas sa bawat Kristiyanong masunurin sa Panginoon.

**Pagninilay:**

1. Gaano ka ka-masunurin sa mga batas at utos ng Panginoon?
2. Naranasan mo na bang makatanggap ng pagpapala nang sumunod ka sa Panginoon?
3. Kailan mo naramdamang ligtas ka sa masama?

**Isinalin ni:** Sis. Mayflor Barcita

**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz

Para sa higit pang mga turo, bisitahin ang website:**https://lordsflock.org/teachings/digests**

**Tags: #Pagsunod #Panalngin #EspiritwalNaDigmaan**